# MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO SA ILALIM NG TITLE VI

Ang VIA Metropolitan Transit (VIA) ay nangangakong tiyakin na walang taong hindi isasama sa pakikilahok o pagkakaitan ng mga benepisyo o sasailalim sa diskriminasyon sa pagtanggap ng mga serbisyo o programa nito batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan tulad ng nakasaad na proteksyon sa ilalim ng Title VI ng Mga Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964, ayon sa pagbabago rito. Kailangang ihain ang mga reklamo sa loob ng 180 araw mula sa diumano'y diskriminasyon.

Paninindigan ng VIA ang pangako nito sa pamamagitan ng:

- Pagtiyak na maibibigay ang antas at kalidad ng mga serbisyo sa transportasyon o iba pang mga benepisyo anuman ang lahi, kulay, bansang pinagmulan.
- Pagtataguyod ng lubos at patas na partisipasyon ng lahat ng apektadong populasyon sa pagdedesisyon tungkol sa transportasyon.
- Paghadlang sa pagkakait, pagbabawas o pag-antala sa mga benepisyong nauugnay sa mga programa at aktibidad na nakakaapekto sa mga populasyon ng minorya at sa mga populasyong maliliit ang kita.
- Pagbibigay ng libreng tulong sa wika sa mga kostumer, kung hiniling.

## MGA PAMAMARAAN SA PAGREREKLAMO

### PAGHAHAIN NG REKLAMO

Sinumang naniniwala na naagrabyado sila sa pamamagitan ng anumang labag sa batas na pagdiskrimina batay sa lahi, kulay, o bansang pinagmulan. Hinihikayat ng VIA na ihain kaagad ang mga reklamo. Iimbestigahan ng VIA ang mga reklamong inihain sa loob ng 180 araw sa kalendaryo ng diumano'y diskriminasyon. Maaaring ihain ang mga reklamo: sa panulat at ipadala sa koreo sa address na nakalista sa ibaba gamit ang Form ng Reklamo sa Ilalim ng Title VI; sa email sa eeocomplaints@viainfo.net o nang berbal sa pagtawag sa (210) 362-2011.

VIA Metropolitan Transit
Attn: Office of EEO & DEI
1021 San Pedro Avenue
San Antonio, TX 78212

Kung kailangan ng impormasyon sa ibang wika, kumontak lamang sa (210)-362-2011.

Bukod pa sa paggamit sa proseso ng Reklamo sa Ilalim ng Title VI sa VIA, maaaring maghain ng reklamo sa ilalim ng Title VI sa Federal Transit Administration (FTA).

Federal Transit Administration
Tanggapan ng mga Karapatang Sibil [Office of Civil Rights]
Attn: Title VI Program Coordinator
East Building, 5th Floor TRC
1200 New Jersey Avenue SE
Washington, DC 20590

## MGA NILALAMAN NG REKLAMO

Kailangang isama sa reklamo ang isang salaysay na naglalarawan sa (mga) alegasyon nang may sapat na detalye para maunawaan ng Tanggapan ng EEO kung ano ang nangyari, kailan iyon nangyari at ang batayan ng reklamong diumano'y diskriminasyon (hal. lahi, kulay, bansang pinagmulan, atbp.) Kailangang isama sa reklamo ang lahat ng contact information ng nagrereklamo pati na ang pangalan, address, at numero ng telepono, gayundin ang lahat ng contact information ng lahat ng saksi o indibiduwal na may nalalaman tungkol dito. Kailangang lagdaan at lagyan ng petsa ng nagrereklamo o ng kanyang kinatawan ang reklamo.

## PAGSUSURI SA REKLAMO

Kapag natanggap na ng Tanggapan ng EEO ang form ng reklamo, susuriin iyon para matukoy kung ang reklamo ay isang reklamo sa ilalim ng Title VI. Tatanggap ang nagrereklamo ng isang liham ng pagkilala sa loob ng sampung (10) araw na may pasok na nagpapaalam sa kanya kung iimbestigahan ang reklamo at humihingi ng iba pang impormasyon, kung kailangan, upang maganap ang imbestigasyon. Kung sakaling kailangan ng iba pang impormasyon, kokontakin ng Tanggapan ng EEO ang nagrereklamo at bibigyan siya ng tatlumpung (30) araw na may pasok para ibigay ang hinihinging impormasyon. Ang kabiguan ng nagrereklamo na ibigay ang hinihinging impormasyon sa isang partikular na petsa ay maaaring magresulta sa administratibong pagsasara ng reklamo o pagkaantala sa resolusyon ng reklamo.

Kung ipasiya ng Tanggapan ng EEO na ang reklamo ay hindi isang reklamo sa ilalim ng Title VI, ipapasa ang reklamo sa angkop na departamento para sa resolusyon. Magpa-follow up ang Tanggapan ng EEO sa departamento para matiyak na magkaroon ng resolusyon ang reklamo.

## IMBESTIGASYON NG REKLAMO

May hanggang animnapung (60) araw sa kalendaryo ang VIA para imbestigahan ang reklamo; gayunman, maaari itong lumampas sa animnapung (60) araw sa kalendaryo, alinsunod sa tanging pagpapasya ng Tanggapan ng EEO. Ang nagrereklamo ay may tatlumpung (30) araw na may pasok mula sa petsa ng liham ng pagkilala para ipadala ang hinihinging impormasyon sa imbestigador o maaaring ipasara ng administrasyon ang kaso. Gagawin ng Tanggapan ng EEO kahit man lang ang sumusunod na mga hakbang, para imbestigahan ang diumano'y nangyaring diskriminasyon.

- Kumontak at makipagtulungan sa Human Resources, General Counsel, at Division/Department kung saan nagmula ang reklamo.
- Kontakin ang Division/Department Manager kung saan nangyari ang diumano'y diskriminasyon, tukuyin kung nasimulan na ang imbestigasyon at suriin ang mga resulta ng imbestigasyon, kung nagsagawa na ng imbestigasyon.
- Tukuyin at interbyuhin ang lahat ng taong may nalalaman tungkol dito kabilang na ang nagrereklamo, mga taong tinukoy ng nagrereklamo at mga saksi.
- Tukuyin at suriin ang lahat ng kaugnay na dokumento, gawi, patakaran at pamamaraan para makapagpasya ng angkop na resolusyon.

## KASUNOD AT/O BINAGONG MGA REKLAMO

Dapat ihain ang anumang sumunod o binagong mga reklamo gamit ang Form ng Reklamo sa Ilalim ng Title VI. Maaari ding isumite ang sumunod o binagong mga reklamo sa pamamagitan ng email o iba pang nakasulat na format. Susuriin ng Tanggapan ng EEO ang bawat sumunod o binagong reklamo para matukoy kung dapat bang ihiwalay sa iba ang reklamo o isama sa orihinal na reklamo. Maaaring makaantala ang kasunod o binagong mga reklamo sa panahon ng pagbibigay ng resolusyon.

## PAGKUMPLETO NG IMBESTIGASYON/DISPOSISYON

Kapag nakumpleto na ang imbestigasyon, maghahanda ang Tanggapan ng EEO ng panghuling ulat ng mga natuklasan sa imbestigasyon para sa President/CEO. Dapat makumpleto ang proseso at panghuling imbestigasyon sa loob ng animnapung (60) araw sa kalendaryo.

Padadalhan ng liham ang nagrereklamo na may kasamang itinalagang disposisyon sa bawat reklamo ayon sa mga sumusunod:

- **Napatunayang mga Reklamo**- Kung may sapat na ebidensya para patunayan ang (mga) alegasyon, ang reklamo ay ituturing na **Napatunayan** *(Paunawa: Kung napatunayan ang reklamo, gagawan ito kaagad ng remedyo/resolusyon para ituwid ang diskriminasyon. Bukod pa rito, babasahing muli sa nagkasala ang patakaran at pamamaraang ito na nagbabawal sa diskriminasyon; at gagawa ng angkop na pagdidisiplina at/o pagsasanay alinsunod sa mga patakaran ng VIA sa pagdidisplina.)*
- **Hindi Napatunayan**- Kung walang sapat na ebidensya para patunayan ang (mga) alegasyon ang reklamo ay ituturing na **Hindi Napatunayan**.

## PROSESO NG PAG-APELA SA REKLAMO

Kung hindi nasiyahan ang nagrereklamo sa disposisyon o resolusyon ng reklamo at nais niyang mag-apela sa desisyon, maaari siyang mag-apela nang direkta sa sumusunod:

VIA Metropolitan Transit
Attn: President/CEO
123 North Medina Street
San Antonio, TX 78207.

Ang mga apela sa President/CEO ng VIA ay kailangang nakasulat, inihain sa loob ng tatlumpung (30) araw na may pasok mula sa petsa ng disposisyon/resolusyon ng reklamo. Kailangang isama sa reklamo ang pangalan, address at numero ng telepono ng nagrereklamo at kailangang isaad ang batayan kung bakit naniniwala ang nagrereklamo na mali ang naging disposisyon o resolusyon sa reklamo. Magtatakda ang President/CEO ng pinagkasunduang oras at lugar para sa isang pagsusuri at konsiderasyon sa apela na kasama ang nagrereklamo. Maglalabas ang President/CEO ng isang nakasulat na determinasyon ng apela sa loob ng labinlimang (15) araw na may pasok mula sa petsa ng pagsusuri.

*Paunawa: Kung sabay na maghain ng reklamo ang nagrereklamo sa VIA Metropolitan Transit at sa iba pang organisasyon tulad ng pamahalaan ng estado o federal, mananaig ang hurisdiksyon at imbestigasyon ng iba pang ahensya sa mga pamamaraan at imbestigasyon ng VIA at maaaring masuspinde ang imbestigasyon ng VIA.*

# FORM NG REKLAMO SA ILALIM NG TITLE VI

Ang VIA Metropolitan Transit ay nangangakong tiyakin na walang taong hindi isasama sa pakikilahok o pagkakaitan ng mga benepisyo o sasailalim sa diskriminasyon sa pagtanggap ng mga serbisyo o mga programa nito batay sa lahi, kulay o bansang pinagmulan tulad ng nakasaad na proteksyon sa ilalim ng Title VI ng Mga Batas sa mga Karapatang Sibil ng 1964, ayon sa pagbabago rito. Kailangang ihain ang mga reklamo sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng diumano'y diskriminasyon.

Kailangan ang sumusunod na impormasyon para matulungan kami sa pagpoproseso ng iyong reklamo. Kung kailangan mo ng anumang tulong sa pagkumpleto sa form na ito, kontakin lamang ang Tanggapan ng EEO [EEO Office] sa pagtawag sa 210-362-2011 o sa pag-email sa eeodcomplaints@viainfo.net.

## KUMPLETUHIN, LAGDAAN AT IBALIK LAMANG ANG FORM NA ITO SA:

VIA Metropolitan Transit
Attn: Office of EEO & DEI
1021 San Pedro Avenue
San Antonio, TX 78212

| **Seksyon I** |
|---|
| Pangalan: |
| Address, Lungsod, Estado at Zip Code: |
| Telepono (sa Bahay): Telepono (sa Trabaho): |
| Email Address: |
| **Seksyon II** |
| (Mga) taong nadiskrimina (kung iba pa sa nagrereklamo):<br>(Mga) pangalan: |
| Address, Lungsod, Estado at Zip Code: |
| **Seksyon III** |
| Naniniwala ako na ang diskriminasyong naranasan ko ay batay sa (lagyan ng tsek ang lahat ng angkop)<br><br>[ ] Lahi [ ] Kulay [ ] Bansang Pinagmulan<br><br>Petsa ng Diumano'y Diskriminasyon (Buwan, Araw, Taon): ________________ |
| Ipaliwanag nang malinaw hangga't maaari kung ano ang nangyari at bakit ka naniniwala na nadiskrimina ka. Ibigay ang mga pangalan at titulo ng lahat ng empleyado at/o mga serbisyo o programa ng VIA na nasasangkot. Ipaliwanag kung ano ang nangyari, sino sa paniwala mo ang responsable, at iba pang partikular at kaugnay na |

impormasyon. Maglakip lamang ng mga ekstrang papel kung kailangan ng karagdagang espasyo. Bukod pa rito, maglakip lamang ng anumang nakasulat na materyal o iba pang impormasyon na ipinalalagay mong nauugnay sa iyong reklamo.

**Seksyon IV**

Nakapaghain ka na ba dati ng reklamo tungkol sa diskriminasyon sa ahensyang ito? [ ] Oo [ ] Hindi

*Kung oo ang isinagot mo, ibigay lamang ang petsa nang maghain ka ng reklamo, ang buod ng mga alegasyon ng diskriminasyon na nakapaloob sa iyong reklamo at ang disposisyon o resolusyon.*

| **Seksyon V** |
| --- |
| Naihain mo na ba ang reklamong ito sa anumang iba pang Federal, Estado, lokal na ahensya o anumang Hukumang Federal o Estado?<br><br>[ ] Oo [ ] Hindi<br>Kung oo, lagyan ng tsek ang lahat ng naaangkop at banggitin ang ahensya o hukuman<br>[ ] Ahensya ng Federal ________________ [ ] Ahensya ng Estado ________________<br>[ ] Hukuman ng Federal na Hukuman ________________ [ ] Lokal na na Ahensya ________________<br><br>Magbigay lamang ng impormasyon tungkol sa isang contact person sa ahensya/hukuman kung saan inihain ang reklamo. |
| Pangalan: |
| Titulo: |
| Ahensya: |
| Telepono: |

Pinagtitibay ko na nabasa ko ang paratang sa itaas at totoo iyon sa abot ng aking kaalaman at paniniwala.

______________________________________________________________ _______________________________________

Lagda ng Nagrereklamo Petsa

______________________________________________________________

Isulat o I-type ang Pangalan ng Nagrereklamo

| *GAGAMITIN LAMANG NG TANGGAPAN NG EEO:*<br><br>Petsa ng Pagtanggap ng VIA: ________________ Tinanggap Ni: ________________ |
| --- |